

ANO ANG NARARAPAT GAWING HABANG SINISIYASAT NG PULIS, "PROBATION OFFICER" O NG ICE?



Ang mga nahuhuling kabataan ay kadalasang tinatanong ng mga opisyal na ito. Walang karapatang magtanong at pilitin kang sabihin ang katayuan mo bilang migrante (immigration status), hingan ng mga dokumento o numero ng SSN. Huwag sasagot sa mga katanungang may kinalaman dito. Ito ay iyong karapatan;

- Huwag magsisinungaling o magbigay ng mga pekeng dokumento na maaring makapag-pahamak sa iyo.
- Huwag sagutin ang mga katanungan hingil sa mga nasaad na at **panindigan ang karapatang manahimik.**
- Huwag pipirma ng anumang dokumento o magsalita kung **walang abogado.**

ANO ANG DAPAT SABIHIN SA PAGSISIYASAT


Bago ka sumagot sa mga tanong, panindigan ang karapatan:

"Manahimik at humingi ng abogado."

Kahit ano ang gawin ng mga tauhan ng immigrasyon o ICE ay huwag na huwag sasagot o pipirma ng kahit ano. Sabihin din sa abogado kung ikaw pinilit siyasatin.

HUWAG

- **MAGSASALITA** kung walang abogado
- **PIPIRMA** ng kahit ano kung di pa nanapag-usap sa abogado
- **MAGSINUNGALING**, maari itong maging dahilan sa pagpapaalis sa iyo sa US.
- **MAGPAPAKITA** ng mga pekeng dokumento



ANO ANG MANGYAYARI KUNG IKAW AY NAHULI NG ICE?

- Dadalhin ka sa isang "Processing Center" sa 630 Sansome St., SF.
- Pipilitin kang hingan ng maraming impormasyon. **Huwag sasagot kung walang kaharap na abogado.**

- Minsan, ang mga nahuling kabataan ay pinanalaya matapos magbayad ng kaukulang multa o piyansa. Ibinibigay sa isang kaanak o isang tagapangalaga na legal na migrante. **Huwag na huwag pasusundo sa isang illegal na kamag-anak at baka madamay pa sila.**
- **Kung walang kukuha sa iyo maari kang dalhin sa bulwagang kabataan** o isang dormitoryo. Maaring ito ay nasa labas ng California. Pagdating doon ikaw ay pahaharapin sa isang "case manager." Maari ka nang lumaya, ibigay kahit kaninong kaanak ng wqalang bayad, subalit ito may katagalang proseso.

MGA KARAPATAN MO KAPAG NADAKIP NG ICE

- **KUMONTAK O TUMAWAG** para may makaalam ng iyong kalagayan;
- **MANAHIMIK** sa anumang pagsisiyasat o pagtatanong;
- **ANG DI PUMIRMA SA ANUMANG DOKUMENTO;**
- **MAGKAROON NG ABOGADO;**
- **MAKIPAGKITA SA ISANG HUKOM AT TAGASALIN NG WIKA** sa anumang pagdinig

KUNG AKO BA AY NAHULI, PAAALISIN BA AKO SA U.S.?

Isang "IMMIGRATION JUDGE" lamang ang maaring maghusga kung ikaw ay paalisin ng U.S. Humiling ng kaukulang pagdinig sa iyong kaso. May karapatan kang humingi ng libreng abogadong magtatanggol sa iyo. Meron din mga ahensyang na maari kang ipagtanggol ng walang bayad.



KUNG IKAW AY MINALTRATO NG PULIS O ICE

- Hingin ng maayos ang numero ng kanilang "badge"
- Hingin at kunin ang mga pangalan at numero ng telepono ng mga saksi
- I-report ang insidente sa Dept. of Homeland Security' Office Office of Inspector General at **1-800-323-8603**

SAAN AKO PWEDENG MAHANAP NG MGA KANAANAK KO?

Maari kang hanapin ng mga kaanak sa Office of the Refugee Resettlement at hotline no. **1-202-401-5709.**

ANO BA ANG ICE AT ANG "DETAINDER"?

Ang gawain ng ICE ay puwersahang i-deport o palayasin sa U.S. ang lahat ng lumabag sa batas-Migrasyon. Isa rito ay ang paghahanap ng mga kaukulang dokumento hinggil sa katayuan mo bilang migrante sa lahat ng nadala sa Bulwagang Kabataan. Kung sa pananaw ng ICE ang isang kabataan ay may nilabag sa batas na ito ikaw ay maaring pigilin sa loob ng 48 oras (hindi kasama ang weekend at bakasyon ng pamahalaan). Pagkatapos nito ay maari kang ipasa sa ICE. Maari nilang pigilin sinumang ina-akala nilang lumabag sa batas-migrasyon kasama na ang wala o meron mang kaukulang mga dokumento. **Kung ikaw ay mahigit ng 48 oras na naka-piit, maari ka nang humingi ng isang abogado.**

SINO ANG MAARI KONG TAWAGAN UPANG HINGAN NG TULONG?

Tawagan ang Asian Law Caucus o Legal Services for Children (nakasulat sa harap) o tawagin mo ang mga numerong ito:

- S.F. Public Defender's Office: (415) 753-7601
- Immigrant Legal Resources Center: (415) 255-9499
- Youth Law Center: (415) 543-3379
- CARECEN: (415) 642-4410
- Consulate General of Mexico: (415) 354-1700
- Consulate General of Honduras: (415) 392-0076
- Consulate General of Guatemala: (415) 896-9181
- Consulate General of El Salvador: (415) 781-7924
- Consulate General of the People's Republic of China: (415) 674-2900



ALAMIN ANG IYONG KARAPATAN

Ang Mga Karapatan
Mo Sa Bulwagang
Kabataan



ASIAN LAW CAUCUS  MEMBER OF
ASIAN AMERICAN CENTER
FOR ADVANCING JUSTICE

55 Columbus St. • San Francisco, CA 94111
tel (415) 896-1701 • fax (415) 896-1702
<http://www.alc.advancingjustice.org/>

LSC
Legal Services for Children

Legal Services for Children
1254 Market St. • San Francisco, CA 94102
tel (415) 863-3762 • <http://www.lsc-sf.org/>